



Paggawa ng reklamo

Ang Australian Human Rights Commission (Komisyon ng mga Karapatang Pantao sa Australya) ay isang independiyenteng lupon na nag-iimbestiga at lumututas ng mga reklamo tungkol sa labag na diskriminasyon sa kasarian, lahi, kapansanan, at edad, ILO III na diskriminasyon at paglabag sa mga karapatang pantao.

Ano ang mairereklamo mo sa amin

- Ang **diskriminasyon sa kasarian** ay kinabibilangan ng panliligalig na sekswal at diskriminasyon batay sa kasarian, pagkakakilanlang kasarian, katayuang intersex, pagdadalang-tao, katayuang marital o pakikipagrelasyon, pagpapasuso, mga pampamilyang responsabilidad, at oryentasyong-sekswal.
- Ang **diskriminasyon sa kapansanan** ay kinabibilangan ng diskriminasyon batay sa kapansanang pisikal, intelektuwal, pandamdang, pag-aaral at psychiatric; mga sakit o karamdaman; mga kondisyong medikal; mga kapansanan noong nakaraan, sa kasalukuyan at sa hinaharap; at mga pangkapansanang pantulong; pantulong na hayop at pakikisama sa isang tao na may kapansanan.
- Ang **diskriminasyon sa lahi** ay kinabibilangan ng pagkamuhi sa lahi at diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulan, nasyonalidad o etnisidad at pang-migranteng katayuan.
- Ang **diskriminasyon sa edad** ay kinabibilangan ng diskriminasyon batay sa pagiging napakabata o napakatanda.
- Ang **ILO III na diskriminasyon** ay kinabibilangan ng diskriminasyon sa trabaho batay sa relihiyon, rekord na kriminal, aktibidad sa trade union, opinyong pampulitika, at pinagmulang klase ng katayuan sa lipunan.
- Ang **mga karapatang pantao** ay kinabibilangan ng mga aksyon ng, o sa ngalan ng, Komonwelt na sinasabing lumalabag sa partikular na mga pamamaraan ng internasyonal na mga karapatang pantao, gaya ng International Covenant on Civil and Political Rights (Internasyonal na Kasunduan sa Mga Karapatang Pampulitika at Pangmamamayan), ang Convention on the Rights of the Child (Kapulungan ukol sa mga Karapatan ng Bata) at ang Convention on the Rights of Persons with Disabilities (Kapulungan ukol sa mga Karapatan ng mga Tao na may Kapansanan).

Makakapagreklamo ka saan ka man nakatira sa Australya at libre ang paggawa ng reklamo. Ang mga hakbang sa proseso ng pagrereklamo ay nakalarawan sa ibaba:

Magtanong

- Kung hindi mo tiyak kung makakapagreklamo ka tungkol sa isang bagay, maaari mong kontakin ang National Information Service (Pambansang Serbisyo ng Impormasyon) ng Commission sa telepono sa **1300 656 419** o mag-email ka sa infoservice@humanrights.gov.au
- Maaari kaming magpadala sa iyo ng pormularyo sa pagrereklamo upang simulan ang proseso.
- Kung hindi ka namin matutulungan, sisikapin naming isangguni ka sa ibang tao na makatutulong sa iyo.

Paggawa ng reklamo

- Ang reklamo ay dapat nakasulat. Maaari mong punan ang pormularyo sa pagrereklamo at ipadala sa koreo o i-fax ito sa amin, o makakapagsumite ka ng reklamo online sa aming website sa www.humanrights.gov.au.
- Maaari kang magreklamo gamit ang iyong mas gustong wika at tutulungan ka namin sa pagsusulat ng iyong reklamo kung ito ay kailangan.
- Hindi mo kailangan ng abogado upang magreklamo.
- Kung hindi namin maaayos ang iyong reklamo, ipapaliwanag namin kung bakit.

Imbestigasyon

- Kokontakin ka namin upang pag-usapan ang iyong reklamo at maaaring hilingan ka namin na magbigay ng karagdagang impormasyon.
- Karaniwan, kokontakin ng Commission ang tao o organisasyon na inirereklamo mo at bibigyan sila ng kopya ng iyong reklamo. Maaaring hilingan namin sila ng partikular na impormasyon at/o sagot sa iyong reklamo. Ang impormasyong ibibigay sa Commission bilang tugon sa iyong reklamo ay maaaring magtaglay ng impormasyong personal, kabilang ang sensitibo, tungkol sa iyo.
- Sa ilang kaso, maaaring magpasya kami na hindi ipagpatuloy ang iyong reklamo. Kung mangyayari ito, ipapaliwanag namin kung bakit.
- Maaari kaming makipag-usap sa iyo tungkol sa pagsisikap na lutasin ang reklamo sa pamamagitan ng pakikipagkasundo (conciliation).

Pakikipagkasundo

- Ang pakikipagkasundo ay nangangahulugan na sisikapin naming tulungan ka at ang tao o organisasyon na inirereklamo mo tungkol sa paghanap ng paraan upang malutas ang bagay.
- Ang pakikipagkasundo ay maaaring ganapin nang harap-harapan na tinatatawag na 'conciliation conference', o sa pamamagitan ng telepono. Sa ilang kaso, ang

mga reklamo ay malulutas sa pamamagitan ng palitan ng mga email at pag-uusap kasama ang tagapagkasundo.

- Ang mga reklamo ay malulutas sa maraming iba't ibang paraan. Halimbawa, sa pamamagitan ng paghingi ng paumanhin, pagbabago ng patakaran o kompensasyon.

Posibleng maging usapin sa korte– diskriminasyon sa kasarian, kapansanan, lahi at edad

- Ang Commission ay walang kapangyarihang magpasya na nangyari ang labag sa batas na diskriminasyon.
- Kung ang iyong reklamo ay hindi nalutas, o hindi ipinagpatuloy sa iba pang dahilan, maaari mong dalhin ang reklamo sa korte. Ang korte ay makakapagpasya kung nangyari ang labag sa batas na diskriminasyon.
- Mayroon kang 60 araw mula nang wakasan ng Commission ang reklamo upang makapag-aplay ka sa Federal Circuit Court ng Australia o sa Federal Court ng Australya.
- Hindi madadala ng Commission ang bagay sa korte para sa iyo o tulongan kang iharap ang iyong kaso sa korte.
- Maaaring kailanganin mong makipag-usap sa isang abogado o pambatas na serbisyo kung gusto mong pumunta sa korte.

Desisyon/Ulat – ILO III na diskriminasyon at mga karapatang pantao

- Kung ang reklamo ay hindi nalutas o hindi ipinagpatuloy sa anumang iba pang dahilan, ang Pangulo ng Commission ay maaaring magpasya kung nangyari ang ILO III na diskriminasyon o isang paglabag ng mga karapatang pantao.
- Kung ang Pangulo ay naniwala na nangyari ang diskriminasyon o paglabag ng mga karapatang pantao, maaaring i-ulat ng Presidente ang bagay na ito sa Federal Attorney-General. Sa ulat, ang Presidente ay makakapagrekomenda ng kompensasyon para sa anumang kawalan o pinsala na dinanas ng isang tao. Ang ulat ay maaaring maiharap sa Parlamento.
- Ang mga halimbawa ng mga desisyon ng Presidente tungkol sa diskriminasyon at mga karapatang pantao ay makukuha sa website ng Commission sa <http://www.humanrights.gov.au/publications/reports-minister-under-ahrc-act>.

Saan ako makakukuha ng karagdagang impormasyon?

Ang mga detalye ng pagkontak sa Australian Human Rights Commission ay:

Telepono

National Information Service (Pambansang Serbisyo ng Impormasyon): 1300 656 419
TTY: 1800 620 241

NRS 133 677
Fax: (02) 9284 9611

Kung kailangan mo ng interpreter, maaari kang tumawag sa **131 450** at hilinging ikonekta ka sa Australian Human Rights Commission.

Kung ikaw ay bingi o may pinsala sa pandinig, maaari mo kaming kontakin gamit ang TTY sa 1800 620 241. Kung ikaw ay bingi o may pinsala sa pandinig o pananalita, maaari mo rin kaming kontakin sa pamamagitan ng National Relay Service (NRS) sa 133 677. Kung kailangan mo ng Auslan interpreter, maisasaayos namin ito para sa iyo.

Kung ikaw ay bulag o may pinsala sa paningin, makapagbibigay kami ng impormasyon na nasa mga alternatibong kaanyuan kung hihilingin ito.

Sa koreo

GPO Box 5218
Sydney NSW 2001

Online

Email: infoservice@humanrights.gov.au

Website: www.humanrights.gov.au

Maaari kang magreklamo online sa pamamagitan ng pagpunta sa <http://www.humanrights.gov.au/complaints/lodging-your-complaint>.

Pangkalahatang pambatas na payo

Kung ikaw ay nag-iisip magreklamo, naaaring naisin mong kumuha ng pambatas na payo. May mga pambatas na serbisyo na pangkomunidad na makapagbibigay ng libreng payo tungkol sa diskriminasyon at panliligalig.

Maaari mong kontakin ang organisasyong Legal Aid (Pambatas na Tulong) (<https://www.nationallegalaid.org/for-individuals/>) o ang iyong pinakamalapit na community legal centre (sentrong pambatas sa komunidad) (www.naclc.org.au/directory).

Pagtatatwa: Ang impormasyon sa papel-kaalamang ito ay nilalayan lamang bilang isang gabay. Hindi ito kahalili ng pambatas na payo.